Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

# Peer-Assisted Learning (PAL) Sa Pagpapahusay Ng Kakayahan Sa Pagbasa Ng May Pang-Unawa Sa Tuy Senior High School

Marimar M. Jonson [1], Demetrio B. Bautista, PhD [1]
marimar.mendoza@deped.gov.ph
0009-0002-8952-5008

1 – Golden Gate Colleges

Publication Date: July 28, 2026 DOI: **10.5281/zenodo.21645556**

**Abstrak**

Nakatuon ang pag-aaral na ito na masuri ang antas ng kakayahang makabasa ng may pang-unawa ng mga mag-aaral, kasama nito ay malaman ang epekto ng pagpapatupad ng kolaboratibong pagdulog sa pagbasa ang peer-assisted learning bilang estratehiya upang mapaunlad ang kakayahang makabasa ng may pang-unawa ng mga mag-aaral. Gumamit ang mananaliksik ng palarawang disenyo ng pananaliksik (descriptive research design). Nailahad sa resulta ng pag-aaral na hindi pa gaanong mataas ang antas ng kakayahang makabasa ng may pang-unawa ng mga mag-aaral. Sa kabilang banda, naging kawili-wili naman ang pagtanggap ng mga mag-aaral sa pagpapatupad ng estratehiyang peer-assisted learning upang mapaunlad ang kanilang komprehensiyon sa pagbasa. Nanatiling positibo ang paglalarawan ng mga mag-aaral sa peer-assisted learning kung saan malaki ang tulong nito sa kanilang pagbasa tungo sa pagpapaunlad ng kanilang akademikong pagganap. Ngunit lumabas din ang iba't ibang hamong naranasan ng mga mag-aaral sa pagpapatupad ng peer-assisted learning. Batay sa mga natuklasan, binuo ng mananaliksik ang isang planong pagpapaunlad pa ng preliminary peer-assisted learning activities upang higit na mapaunlad pa ang kakayahan sa pang-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino.

**Mga Susing Salita**: *peer-assisted learning, komprehensyon, enhancement peer-assisted learning activities, preliminary, akademikong pagganap*

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

## INTRODUKSYON

Ang pagbasa ay isa sa mga mahahalagang makrong kasanayang pangwika kasama ang pagsulat, pakikinig, panonood at pagsasalita na kailangan ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Sa paaralan, ito ang pundasyon ng pagkatuto sa lahat ng asignatura. Ngunit dahil na rin sa kahirapan at sa nagdaang pandemya ay mayroon silang mga iba't ibang hamon na hinaharap katulad na lamang ng mababang lebel ng komprehensyon sa pagbasa. Ito rin ay isang malaking hamon dahil nakakaapekto ito sa kanilang pangkalahatang pag-unawa at pagkatuto.

Batay sa mga nagdaang pag-aaral, nananatiling isang suliranin ang mababang lebel ng komprehensyon sa pagbasa. Dulot na rin ng modernisasyon, ang makabagong teknolohiya ang isa sa kadalasang nagiging salik na nakaaapekto sa mababang antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral. Dahil nagiging pokus na sila sa paggamit ng mga teknolohiya, hindi na ganoon kataas o kalalim ang interes nila pagdating sa pagbasa.

Ipinapakita sa ulat ng Philippine for Internation Student Assessment, PISA (2022), 70.8 bahagdan ng mga Pilipinong 10-64 taong gulang ay tinatawag na *functional illiterate* na kung susumahin ay nasa 60,170,000 ito at 93.1% naman ang matatawag na *basic literate* na tinatayang 79,135,000 na mga Pilipino na nasa kaparehas na mga edad. Bukod sa *reading comprehension*, halos nanghuhuli rin ang Pilipinas sa *Science* at *Mathematics*.

Kaya naman naglunsad ang Kagawaran ng Edukasyon ng Deped Order no. 010 s. 2025, ito ay isang kautusang naglalaman ng mga programa na nagpapataas ng literasi ng mga mag-aaral, isa rito ay kinapapalooban din ng memorandum na may kaugnayan sa pagbasa, "Hamon: Bawat Bata Bumabasa (3Bs)", nakapaloob sa memorandum na ito ang maigting na implementasyon ng pagpapabasa mula sa primaryang lebel hanggang sa sekondarya.

Ang memorandum na ito ay hindi lamang nakapokus sa pagpapataas at pag-aangkop ng lebel ng pagbasa ng bawat mag-aaral sa kanilang baitang ngunit maging lebel ng pang-unawa o komprehensyon.

Ang pagpapabuti ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay may malaking ambag sa kanilang tagumpay sa pag-aaral. Sa pag-aaral na ito na suriin ang antas ng pagbasa at mapaunlad ang estratehiyang peer-assisted learning upang mapataas ang lebel ng komprehensyon ng mga mag-aaral batay sa kolaboratibong pagdulog.

Partikular na sinagot ng pag-aaral ang mga sumusunod:

1. Anong antas ng kakayahan sa pagbasa nang may pang-unawa ng mga mag-aaral bago ang implementasyon ng *peer-assisted learning?*
2. Paano nabago ng *peer-assisted learning* ang kakayahan sa pagbasa ng may pang-unawa ng mga mag-aaral?
3. Paano inilarawan ng mga mag-aaral ang pananaw sa *peer-assisted learning* bilang estratehiya sa pagpapahusay ng kakayahan sa pagbasa ng may pang-unawa?

4. Ano ang mga hamon ang naranasan ng mga mag-aaral sa pagbasa gamit ang *peer-assisted learning*?
5. . Anong karagdagang mungkahing gawain ang maaaring mabuo?

Nilalayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang antas ng kakayahang makabasa ng may pang-unawa ng mga mag-aaral, pagbabagong naganap sa implementasyon ng peer-assisted learning, pananaw ng mga mag-aaral sa estratehiyang ito at mga hamong naranasan sa pagpapatupad nito. Gayundin ay inaasahang makabuo ng planong pagpapaunlad o enhancement preliminary activities para sa peer-assisted learning.

**Metodolohiya**

Ang pag-aaral na ito ay ginamit ang palarawang disenyo ng pananaliksik (descriptive research design). Naaangkop ang pamamaraang ito dahil layunin ng disenyo na ito na masagot hindi lamang ang mga tanong ukol sa lebel ng pag-unawa ng mga mag-aaral, kundi pati na rin ang kanilang pananaw at karanasan sa paggamit ng interbensyon. At gumamit din ng kwantitatibong pamamaraan upang matasa ang antas ng kakayahang makabasa ng mga mag-aaral upang masukat ang lawak ng implementasyon ng *peer-assisted learning* sa Tuy Senior High School.

**Respondente ng Pag-aaral**

Ang mga kalahok ay binubuo ng 30 mag-aaral mula sa TVL track ng Tuy Senior High School para sa taong panuruan 2025–2026. Gumamit ng purposive sampling upang piliin ang mga mag-aaral na may karanasan sa pagbasa ng tula.

**Istrumento ng Pananaliksik**

Ang ginamit na pangunahing instrumento ay isang talatanungan (questionnaire) na binuo batay sa layunin ng pag-aaral. Nahati ito sa:

- Antas ng Kakayahan sa Pagbasa ng may Pang-unawa
- Pagbabagong naganap sa Implementasyon ng Peer-Assisted Learning
- Pananaw sa Peer-Assisted Learning bilang estratehiya sa Pagbasa
- Mga suliraning naranasan sa Peer-Assisted Learning

Ginamit ng mananaliksik ng apat (4)-na puntos na Likert Scale upang masukat ang mga naging kasagutan ng mga mag-aaral, kung saan ang mga pagpipilian ay: Lubos na Naganap/Naisasagawa/Nailalarawan/Nararanasan (4), Naganap/Naisasagawa/Nailalarawan/Nararanasan (3), Bahagyang

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

Naganap/Naisasagawa/Nailalarawan/Nararanasan (2), at Hindi Naganap/Naisasagawa/Nailalarawan/Nararanasan (1)

**Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos**

Matapos ang balidasyon ng talatanungan at paghingi ng pahintulot sa Punongguro ng paaralan, nagsagawa ng oryentasyon ang guro bago magpasagot sa mga piling mag-aaral. Upang mapadali ang pamamahagi at pagtanggap ng mga sagot, manumanong pinasagutan ang mga ipinamahaging mga talatanungan at inantay itong matapos. Sa bawat talatanungan, ang mga kalahok ay binigyan ng mga opsyon at tanging paglalagay ng tsek sa katapat na bilang o numero ng kanilang sagot ang kailangan upang sagutin ang bawat tanong. Pagkatapos nilang makompleto ang mga tanong, ang mga mag-aaral ay ibabalik ang talatanungan sa mananaliksik upang masuri ang kanilang mga kasagutan.

Ang mga talatanungan ay inihanay at sinuri ng mananaliksik matapos ang pagsasagot ng mga kalahok.Nagsagawa ng pagsusuri at pagbibigay interpretasyon na siyang ginamit upang makadagdag impormasyon sa isinasagwang pananaliksik.

**Data Analysis**

Gumamit ng **frequency, percentage, at weighted mean** upang suriin ang datos at matukoy ang antas ng pagbasa, lawak ng implementasyon at pananaw ng mga mag-aaral sa peer-assisted learning.

**Results**

**1. Antas ng Kakayahan sa Pagbasa ng may Pang-unawa**

**Talahanayan 1**

**Antas ng Kakayahan sa Pagbasa ng may Pang-unawa Batay sa Nilalaman**

| Pahayag | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1.Nauunawaan ang pangunahing ideya ng tekstong binabasa | 3.1 | Naisasagawa | 1 |
| 2. Natutukoy ang layunin o mensahe ng binasang teksto | 3.07 | Naisasagawa | 2 |
| 3. Naiuugnay ang mga konsepto sa binasa sa aking sariling karanasan | 3.03 | Naisasagawa | 3.5 |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

| | | | |
|---|---|---|---|
| 4. Nalalaman ang kahulugan ng mga salitang ginamit sa teksto | 3.03 | Naisasagawa | 3.5 |
| 5. Nakikilala ang mahahalagang detalye sa binasang teksto | 2.9 | Naisasagawa | 5 |
| Kabuoang *Mean* | 3.02 | **Naisasagawa** | |

Ipinapakita sa talahanayan 1 hinggil sa antas ng kakayahan sa pagbasa ng may pang-unawa batay sa nilalaman, na may pinakamataas na *weighted mean* na 3.1 ito ay ang nauunawaan ang pangunahing ideya ng tekstong binabasa at ang pinakamababang na 2.9, ito ay ang natutukoy ang layunin o mensahe ng binasang teksto. Naipapamalas ng mga mag-aaral ang kanilang pagbasa ngunit nagkakaroon pa rin ng mahinang pang-unawa pagdating sa pagtukoy ng pangunahing ideya ng bawat tekstong binabasa, batay sa resulta ng kabuoang mean na 3.02 at may interpretasyong berbal na naisasagawa.

**Talahanayan 2**

**Antas ng Kakayahan sa Pagbasa ng may Pang-unawa Batay sa Pangklaseng Gawain**

| Pahayag | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nakasusunod sa mga panuto hinggil sa mga gawain sa pagbasa | 3.33 | Naisasagawa | 1 |
| 2. Nakikilahok sa mga gawain sa pagbasa sa loob ng klase | 3.07 | Naisasagawa | 2 |
| 3. Nakapagpapahayag ng opinyon tungkol sa binasa | 3.00 | Naisasagawa | 3 |
| 4. Nakasasagot nang tama sa mga tanong tungkol sa binasa | 2.87 | Naisasagawa | 4 |
| 5. Nakapaglalahad ng buod ng tekstong binasa | 2.63 | Naisasagawa | 5 |

Ipinapabatid sa talahanayan 2 hinggil sa antas ng kakayahan sa pagbasa ng may pang-unawa batay sa pangklaseng gawain, lumabas sa resulta na nakakasunod sila sa panuto sa gawain, na may *weighted mean* na 3.33 ngunit pagdating sa paglalahad ng buod hinggil sa binasa nahihirapan pa rin ang mga mag-aaral, nagkaroon ito ng *weighted mean* na 2.63. Nagpapakita kung paano naaapektuhan ng mababang antas ng pang-unawa ang kanilang partisipasyon sa klase, ito may kabuuang *mean* na 2.98 na may interpretasyong berbal na naisasagawa.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

**Talahanayan 3**

**Antas ng Kakayahan sa Pagbasa ng may Pang-unawa Batay sa Pagtataya**

| Pahayag | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nauunawaan ang mga tanong sa pagsusulit na may kaugnayan sa binasa | 3.17 | Naisasagawa | 1 |
| 2. Nakapagpapakita ng sapat na kaalaman sa pagbasa sa mga pagsusulit | 3.10 | Naisasagawa | 2 |
| 3. Nakakukuha ng mataas na marka sa pagsusulit sa pagbasa | 3.07 | Naisasagawa | 3.5 |
| 4. Nakasasagot ng tama sa mga tanong na nangangailangan ng pang-unawa | 3.07 | Naisasagawa | 3.5 |
| 5. Nakapagbibigay ng tamang sagot sa mga gawaing pagsusulit tulad ng pagsusuri at interpretasyon | 2.93 | Naisasagawa | 5 |
| Kabuoang *Mean* | 3.07 | **Naisasagawa** | |

Batay sa naging resulta sa Talahanayan 3, malaki ang nagiging ugnayan ng kakayahang bumasa ng may pang-unawa sa pagsasagot nila sa mga pagtataya, nagkaroon ng pinakamataas na *weighted mean* ang nauunawaan ang mga tanong sa pagsusulit na may kaugnayan sa binasa batay sa *weighted mean* na 3.17, samantalang hindi gaanong nakakasagot nang tama ang mga mag-aaral dahil hindi nila ganap na nauunawaan ang kanilang binabasa, ito ang lumabas na panghuling ranggo na may *weighted mean* na 2.93. Sa kabilang banda, nagkaroon ng kabuoang *mean* na 3.07 na may interpretasyong berbal na naisasagawa.

Sa kabuoan, ang antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral, batay sa tatlong baryabol na nilalaman, pangklaseng gawain at pagtataya ay tuwirang naaapektuhan kung mababa ang lebel ng pang-unawa ng mga mag-aaral. Lumabas sa resulta na hindi gaanong mataas ang antas ng pang-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral hinggil sa tatlong baryabol.

## 2. Pagbabagong Naganap sa Implementasyon ng *Peer-Assisted Learning*

**Talahanayan 4**

**Pagbabagong Naganap sa Implementasyon ng *Peer-Assisted Learning* Batay sa Pagbabahagi ng Binasang Teksto**

| Pahayag | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nakatutulong ang pakikinig sa kasamahan upang mapaunlad ang pang-unawa sa teksto | 3.57 | Lubhang Naganap | 1 |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

| | | | |
|---|---|---|---|
| 2. Nagiging malinaw ang bawat detalye sa teksto gamit ang pagbabahagi ng bawat kasamahan | 3.23 | Naganap | 2 |
| 3. Naibibigay nang tama ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa isang binasang teksto | 3.07 | Naganap | 3 |
| 4.Nauunawaan agad ang pangunahing ideya o paksa ng tekstong binabasa | 3.03 | Naganap | 4 |
| 5. Napadadali ang pagtukoy ng mga detalye o impormasyon na tahasang binanggit sa binasang akda | 2.97 | Naganap | 5 |
| Kabuoang *Mean* | 3.17 | **Naganap** | |

Isinasaad ng talahanayan 4 na nakatutulong ang pakikinig sa kasamahan upang mapaunlad ang pang-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang binabasa batay sa pinakamataas na *weighted mean* 3.57 na may interpretasyong berbal na lubhang naganap. Lumabas naman na hindi gaanong napapadali ang pagtukoy o pagbabalangkas sa mga detalye hinggil sa binasang teksto batay sa resultang may pinakamababang *weighted mean* na 2.97 na may interpretasyong berbal na naganap. Ang kabuoang *mean* ay 3.17 na may interpretasyong berbal na naganap dahil dito ay malaki ang ambag ng bawat isang mag-aaral sa kanyang kapwa mag-aaral hinggil sa pagpapaunlad ng komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 5**

**Pagbabagong Naganap sa Implementasyon ng *Peer-Assisted Learning* Batay sa Pagbibigay ng Tanong at Sagot**

| Pahayag | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Naiuugnay ang mga ideya sa teksto sa mga karanasan o pangyayari sa totoong buhay | 3.23 | Naganap | 1 |
| 2. Nalilinang ang kritikal na kaisipan sa pagbasa gamit ang tanong-sagot na gawain | 3.10 | Naganap | 2 |
| 3. Nauunawaan ang mga layunin o mensaheng tahasang sinasabi ng may-akda | 3.03 | Naganap | 3 |
| 4. Nakagagawa ng mga hinuha o palaisipan na interpretasyon batay sa mga pahiwatig sa binasa | 3.00 | Naganap | 4 |
| 5. Nakabubuo ng ilang katanungan na | 2.97 | Naganap | 5 |

| | | |
|---|---|---|
| namutawi sa tekstong binasa | | |
| Kabuoang *Mean* | 3.07 | **Naganap** |

Ipinapamalas sa talahanayan 5 na pumapatungkol sa pagbabagong naganap sa pagpapatupad ng *peer-assisted learning* batay sa pagbibigay tanong at sagot, naiuugnay nila ang mga ideyang nabasa nila sa teksto sa mga karanasan nila sa tunay na buhay batay sa pinakamataas na *weighted mean* 3.23 na may interpretasyong berbal na naganap. Bagama't naiuugnay nila ang nabasa nila sa tunay na buhay, hindi gaanong napoproseso ang malalim na pagpapakahulugan nila sa binasa gayundin ang pagbuo ng mga katanungan hinggil dito batay sa pinakamababang *weighted mean* na 2.97.

**Talahanayan 6**

**Pagbabagong Naganap sa Implementasyon ng *Peer-Assisted Learning* Batay sa Pagpapaliwanag sa Kahulugan ng Binasa**

| Pahayag | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nakabubuo ng mga katanungan hinggil sa binasa at naiuugnay sa tunay na buhay | 3.17 | Naganap | 1 |
| 2. Naiisa-isa ang mga pangunahing kaisipan at pantulong na kaisipan sa binasang teksto | 3.05 | Naganap | 2 |
| 3. Nakapagbibigay-linaw sa layunin o pangkalahatang motibo ng may-akda | 3.00 | Naganap | 3 |
| 4. Nakapagsusuri ng pangunahing ideya sa bawat katanungan | 2.93 | Naganap | 4.5 |
| 5. Naipaliliwanag nang mas malinaw ang kahulugan ng binasang teksto | 2.93 | Naganap | 4.5 |
| Kabuoang *Mean* | 3.05 | **Naganap** | |

Batay sa resulta sa talahanayan 6, mayroong naging pagbabago sa kakayahang makaunawa ng mga mag-aaral gamit ang *peer-assisted learning* sa pag-uugnay nila ng natutuhan nilang aral sa kuwento sa tunay na buhay na may pinakamataas na *weighted mean* na 3.17, sa kabilang banda mababa pa rin ang paraan ng pagsusuri nila sa mga ideya na pumapatungkol sa mga katanungan hinggil sa teksto nagkaroon ito ng pinakamababang *weighted mean* na 2.93.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

**Talahanayan 7**

**Pagbabagong Naganap sa Implementasyon ng *Peer-Assisted Learning* Batay sa Pagbibigay ng *Feedback* sa Kasamahan**

| Pahayag | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Natututong tumanggap ng puna o komento mula sa kasamahan | 3.47 | Naganap | 1 |
| 2. Natutulungan ng *tutor* ang pinapabasa gamit ang *feedbacking* upang mapaunlad ang kanyang pagbasa | 3.33 | Naganap | 2 |
| 3. Nakabubuo ng sariling opinyon o paghuhusga batay sa nilalaman ng akda upang mapaunlad ito | 3.30 | Naganap | 3 |
| 4. Nakapagbibigay ng mahahalagang punto kung makatotohanan at kapani-paniwala ang mga impormasyong nakasaad sa binasa ng kasamahan | 3.23 | Naganap | 4 |
| 5. Natutukoy ang mga pagkiling, pananaw, o *bias* ng may-akda sa tekstong binabasa | 2.90 | Naganap | 5 |
| Kabuoang *Mean* | 3.25 | **Naganap** | |

Ipinababatid sa talahanayan 7 na kung saan nagkaroon ng pagbabago dahil sa implementasyon ng *peer-assisted* sa pamamaraang natutuhan ng mga mag-aaral tumanggap ng mga komento o puna mula sa mga kasamahan o sa kanyang *tutor* na nagkaroon ng pinakamataas na *weighted mean* na 3.47 na may interpretasyong berbal na naganap, pinapatunayan ng resulta na ito kung gaano kahalaga ang gampanin ng *tutor* sa kanyang *tutee* na kung saan ay pinapahalagahan ng bawat mag-aaral ang anumang komento mula sa kanila upang mas mapaunlad nila ang kanilang kakayahan upang maunawaan ang kanilang binasa. Samantalang nananatiling mababa ang paraan sa pagtukoy ng mga mag-aaral sa pananaw, pagkiling o *bias* at malalimang kahulugan ng may-akda sa teksto, sa resulta ay nagkaroon ito ng *weighted mean* na 2.90 na may interpretasyong naganap.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

### 3. Paglalarawan ng Pananaw sa *Peer-Assisted Learning* bilang Estratehiya sa Pagbasa

**Talahanayan 8**

**Paglalarawan ng Pananaw sa *Peer Assisted Learning* bilang Estratehiya sa Pagbasa Batay sa Literal na Kahulugan**

| Pahayag | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nauunawaan ang pangunahing ideya ng binabasa sa tulong ng *peer-assisted learning* | 3.40 | Nailalarawan | 1.5 |
| 2. Natutukoy ang mahahalagang detalye sa teksto sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa kapwa mag-aaral | 3.40 | Nailalarawan | 1.5 |
| 3. Nakatutulong ang *peer-assisted learning* pag-unawa sa kabuuang mensahe ng binasa | 3.37 | Nailalarawan | 3 |
| 4. Napadadaling maunawaan ang nilalaman ng teksto kapag may kasamang *tutor* o kaklase | 3.33 | Nailalarawan | 4.5 |
| 5. Nakatutulong *peer-assisted learning* upang mas maintindihan ang mga salita at kahulugan nito | 3.33 | Nailalarawan | 4.5 |
| Kabuoang *Mean* | 3.37 | **Nailalarawan** | |

Ipinamamalas sa Talahanayan 8, kung gaano naging kawili-wili ang pagtanggap ng mga mag-aaral sa *peer-assisted learning* bilang estratehiya sa pagbasa, lumutang dito na higit na nauunawaan at madaling matukoy ng *tutee* ang mahahalagang detalye o pangunahing ideya sa teskto sa tulong ng kanyang *tutor* o ng kapwa mag-aaral, nakakuha ito ng pinakamataas na *weighted mean* na 3.40 na may interpretasyong berbal na nailalarawan, samantalang nagkaroon ng pinakamababang weighted mean na 3.33 ang nakatutulong ang *peer-assisted learning* upang mas maintindihan ang mga salita at kahulugan nito.

**Talahanayan 9**

**Paglalarawan ng Pananaw sa *Peer Assisted Learning* bilang Estratehiya sa Pagbasa Batay sa Pagbuo ng Hinuha**

| Pahayag | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Napalilinaw ang mga pahiwatig sa teksto sa tulong ng *peer-assisted learning* | 3.33 | Nailalarawan | 1 |
| 2. Nakatutulong ang *peer-assisted* | 3.30 | Nailalarawan | 2 |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

| | | | |
|---|---|---|---|
| *learning* upang maunawaan ang mga di-tuwirang mensahe ng binasa | | | |
| 3. Nakatutulong ang *peer-assisted learning* upang makabuo ng hinuha mula sa binasa susunod na pangyayari sa teksto | 3.23 | Nailalarawan | 3 |
| 4. Napalalalim ang pag-unawa sa pamamagitan ng pagbibigay ng interpretasyon sa teksto | 3.20 | Nailalarawan | 4 |
| 5. Napakikinabangan ang diskusyon sa kapwa mag-aaral upang mahulaan ang mga susunod na pangyayari sa akdang binasa | 3.13 | Nailalarawan | 5 |
| Kabuoang *Mean* | 3.24 | **Nailalarawan** | |

Ipinakikita sa talahanayan 9 na nakatutulong ang *peer-assisted learning* sa mga mag-aaral dahil napalilinaw nito ang ipinapahiwatig ng ideya na nasa teksto na may *weighted mean* na 3.33 na may katumbas na interpretasyong berbal na nailalarawan. Samantalang nakakuha ng mababang *weighted mean* ang paraan kung saan napakikinabangan ang diskusyon sa kapwa mag-aaral upang mahulaan ang susunod na pangyayari sa kuwento na may *average* na 3.13 na may interpretasyong nailalarawan. Lumutang ang malinaw na pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa estratehiyang *peer-assisted learning,* sa resulta ng kabuoang *mean* na 3.24 na may interpretasyong berbal na nailalarawan.

**Talahanayan 10**

**Paglalarawan ng Pananaw sa *Peer-Assisted Learning* bilang Estratehiya sa Pagbasa Batay sa Pagbabahagi ng Karanasan**

| Pahayag | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nagiging bukas sa pakikinig, opinyon at karanasan ng iba | 3.40 | Nailalarawan | 1.5 |
| 2. Napalalawak ng *peer-assisted learning* ang aking kaalaman sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ideya | 3.40 | Nailalarawan | 1.5 |
| 3. Natututo mula sa karanasan ng mga kaklase habang nagbabasa | 3.33 | Nailalarawan | 3 |
| 4. Naibabahagi ang karanasan na may kaugnayan sa binasa sa pamamagitan ng *peer-assisted learning* | 3.23 | Nailalarawan | 4.5 |
| 5. Napauunlad ng *peer-assisted* | 3.23 | Nailalarawan | 4.5 |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

| | | |
|---|---|---|
| *learning* ang kaugnayan ng binasa sa aking sariling buhay | | |
| Kabuoang *Mean* | 3.32 | **Nailalarawan** |

Batay sa Talahanayan 10, nagkaroon ng parehas na *weighted mean* ang mga pahayag na nagiging bukas sa pakikinig sa opinyon at karanasan ang mga mag-aaral sa kapwa nila mag-aaral at napalalawak ng *peer tutoring/peer-assisted learning* ang kanilang kaalaman sa pamamagitan sa pagbabahagi ng ideya na nagkaroon ng *weighted mean* na 3.40 na may katumbas na nailalarawan. Sa kabilang banda, lumabas na pinakamababa sa ranggo ang pagbabahagi nila ng kanilang karanasan at pag-uugnay ng binasang teksto sa kanilang tunay na buhay na nagkaroon ng parehas na *weighted mean* na 3.23.

**Talahanayan 11**

**Paglalarawan ng Pananaw sa *Peer-Assisted Learning* bilang Estratehiya sa Pagbasa Batay sa Pagbibigay-Reaksyon**

| Pahayag | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nakakapagbigay ng sariling reaksyon o opinyon tungkol sa binasa sa tulong ng *peer-assisted learning* | 3.43 | Nailalarawan | 1 |
| 2. Nagiging kritikal sa pag-iisip dahil sa pakikipagpalitan ng ideya sa kapwa mag-aaral | 3.20 | Nailalarawan | 2 |
| 3. Nakatutulong ang *peer-assisted learning* upang maipahayag ang saloobin tungkol sa binasa | 3.37 | Nailalarawan | 3.5 |
| 4. Napalilinaw ang pananaw dahil sa diskusyon at pagbibigay-reaksyon sa grupo | 3.23 | Nailalarawan | 3.5 |
| 5. Nakatutulong ang *peer-assisted learning* upang masuri ang mga ideya sa teksto | 3.23 | Nailalarawan | 5 |
| Kabuoang *Mean* | 3.29 | **Nailalarawan** | |

Naging mataas ang antas ng kamalayan, pagtanggap at paglalarawan ng mga mag-aaral sa estratehiyang *peer-assisted learning* ngunit hindi nito nasisiguradong napatataas ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang binabasa. Napakahalaga ng kolaboratibong pagdulog sa mga mag-aaral dahil dito sila kumukuha ng tulong upang mas maunawaan ang kanilang binabasa.

Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Sylvia at Wahyurianto (2024), ang pagkakaroon ng kolaboratibong pagdulog sa pag-aaral ng mga mag-aaral partikular sa pagbasa ay napakahalaga,

Online ISSN: 3082-5121

ALOYSIAN

Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields

https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

"*collaborative learning reduced their anxiety and enhanced their willingness to participate actively"* lumabas sa kanilang pag-aaral na sa buhay ng bawat mag-aaral ay kinakailangan ng pagkakaroon nila ng koneksyon sa kapwa mag-aaral. Lalo't higit sa pagbasa, matutulungan ng mga mag-aaral ang kapwa nila mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagbasa.

**4. Hamong Naranasan sa Pagbasa**

**Talahanayan 12**

**Mga Hamong Naranasan sa Pagbasa Gamit ang *Peer-Assisted Learning***

| Pahayag | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nagkakaroon ng kalituhan sa pangunahing ideya ng binabasang teksto | 3.00 | Nararanasan | 1 |
| 2. Mabilis mawala sa pokus habang nagbabasa | 2.97 | Nararanasan | 2.5 |
| 3. Nawawala ang kalinawan ng instruksyon sa pagitan ng nagbabasa at nagpapabasa | 2.97 | Nararanasan | 2.5 |
| 4. Kulang ang oras ng upang maisagawa ang *peer tutorial sessions* | 2.87 | Nararanasan | 4.5 |
| 5. Hindi nabibigyan ng pagkakataong magtanong ang bumabasa sa nagpapabasa | 2.87 | Nararanasan | 4.5 |
| 6. Nahihirapan sa pagsagot sa mga katanungan hinggil sa binasang teksto | 2.70 | Nararanasan | 6 |
| 7. Hindi sapat ang mga materyales/babasahin na ginagamit sa pagbasa | 2.67 | Nararanasan | 7 |
| 8. Nahihirapang unawain sa mga salitang ginamit o nakapaloob sa teksto | 2.63 | Nararanasan | 8 |
| 9. Nawawala ang koneksyon at komunikasyon ng bumabasa at nagpapabasa | 2.60 | Nararanasan | 9 |
| 10. Kawalan ng kumpyansa sa sarili ng bumabasa | 2.53 | Nararanasan | 10 |
| Kabuoang *Mean* | 2.78 | **Nararanasan** | |

Batay sa naging resulta sa Talahanayan 12, na pumapatungkol sa mga hamong naranasan ng mga mag-aaral hinggil sa pagpapatupad ng *peer tutoring*, lumabas na lahat ng mga hamong ito ay kanilang nararanasan sa kasalukuyan ngunit mayroong pinakamataas o palagian nilang nararanasan, ito ay ang pagkakaroon nila ng kalituhan sa pangunahing ideya ng binabasang teksto na may *weighted mean* na 3.00 at mabilis mawala sa pokus habang nagbabasa gayundin ang kawalan g kalinawan ng instruksyon sa pagitan ng nagbabasa at nagpapabasa na nagkaroon

ng parehas na *weighted mean* na 2.97 na may interpretasyong berbal na nararanasan. Samantalang lumutang din ang mga pinakamabababang ranggo ito ay ang kawalan ng kumpyansa sa sarili habang bumabasa na may *weighted mean* na 2.53, nawawala ang koneksyon at komunikasyon ng bumabasa at nagpapabasa na may *weighted mean* 2.60 at nahihirapang unawain ang mga salitang ginamit o nakapaloob sa teksto na may *weighted mean* na 2.63 na may pare-parehas na interpretasyong berbal na nararanasan. Samakatuwid lahat ng hamon o suliranin sa pagpapatupad ng estratehiyang *peer-assisted learning* ay nararanasan batay sa naging kabuoang *mean* na 2.78 na may interpretasyong berbal na nararanasan.

**Diskusyon**

Mula sa datos ay ipinakita ang kawili-wiling pagtanggap ng mga mag-aaral sa peer-assisted learning bilang estratehiya sa pagbasa. Ang paggamit ng ganitong kolaboratibong pagdulog ay tumutugon sa mga pamantayang kinakailangan tungo sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Mahihinuha ang malaking gampanin ng bawat tutor sa kanilang tutees upang mapataas ang lebel ng komprehensyon sa pagbasa ng kanilang tutor.

Bagama’t mayroon pa rin itong mga hamon sa pagpapatupad inaasahan pa ring ang pagpapanatili ng gabay ng guro upang maisakatapuran ang estratehiyang ito.

**Konklusyon**

Sa kabuuan, ang mga mag-aaral ay may mataas na pagtanggap sa estratehiyang peer-assisted learning upang mapataas ang lebel ng komprehensyon sa pagbasa. Malaking tulong ito upang magsilbing tulay sa pagtugon sa *reading comprehension gap* sa sekondarya.

Inirerekomenda na paunlarin pa ang estratehiyang peer-assisted learning sa pamamagitan ng pagbuo ng iba’t ibang preliminary enhancement activities upang masolusyunan ang mga suliraning natuklasan sa pnanaliksik gaya ng pagkakaroon ng kalituhan sa mahahalagang detalye sa teksto, mapalalim pa ang kritikal na pag-iisip at magkaroon ng pokus sa binabasa upang mapataas ang lebel ng pang-unawa ng mga mag-aaral at magamit ito sa kanilang akademikong pagganap.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 7 (2026)

## TALAAN NG SANGGUNIAN

### A. Mga Aklat

Banut, J.B. et. al (2022). Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik

Dolores R. Taylan, et. al (2022). Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

### B. Mga Di Nailathalang Materyales

Cobillion, Retchie Ann (2025). Pagtuklas sa Kahalagahan ng Peer Tutoring sa Pagkatuto ng Piling mga Mag-aaral ng Junior High sa Boljoon National Highschool. Hulyo 07, 2025.

Cuison, Reymond (2020). Pagtatasa at Pagtataya: Sangkap sa Makabuluhang Pagtuturo sa Filipino. Nobyembre 07, 2020.

COMPREHENSIVE RAPID LITERACY ASSESSMENT [CIES PRESENTATION]. (n.d.). SharEd RTI Internationl.

DEPED'S COMPREHENSIVE RAPID LITERACY ASSESSMENT (CRLA). (2024, June 30). Assistance.PH.

### K. Mga Dyornals

Ala, Catherine & Antonio, Ronilo. (2026). Collaborate to Learn: A Scoping Review of Peer Tutoring Strategies in Secondary Science Education. International Journal of Research in Education and Science. 12. 275-299. 10.46328/ijres.5534.

Flores, D. I. G., Ibarra, M. E. U., Treviño, M. G. V., Campos, C. C., & Tejeda, A. T. L. (2018). Peer tutoring as an improvement strategy for school exploitation. *European Journal of Educational Research, 7*(4), 953-961. https://doi.org/10.12973/eu-jer.7.4.953

Flores S, Marievic (2020). Kritikal at Inferensyal na Kakayahan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa larangan ng Filipino ng Visayas State University. International Journal Research Studies in Education, 9(3), 51-61. Pebrero 23, 2025. https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5825

Makig-angay D, Analyn., Apolinario R, Jovelyn ., Saavedra D, Analyn ., Quirante S, Juvel (2024). Salik na Nakaaapekto sa Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral na nasa Antas ng Frustration. American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 08(08), 27-43. Pebrero 23, 2025. www.ajhssr.com

Nanda W, Dodi & Azmy Khairul (2020). Poor reading comprehension issue in EFL classroom among Indonesian secondary school students: Scrutinizing the causes, impacts and possible solutions. Englisia: Journal of Language, Education, and Humanities, 8(1), 12-24. Pebrero 23,2025. https://doi.org/10.22373/ej.v8i1.6771

### D. Mga Legal na Dokumento

*No Child Left Behind Act* of 2001 (NCLB) (2002) *update of the Elementary and Secondary Education Act - effectively scaled up the federal role in holding schools accountable for student outcomes.*

*Deped Order No. 010 s. 2025 – Guidelines for the Implementation of the 2025 Department of Education Summer Programs* "Hamon: Bawat Bata Bumabasa (3Bs)

*Deped Order No. 013 s. 2023- Adoption of the National Learning Recovery Program in the Department of Education*

*Deped Order No. 8 s. 2015- Policy Guidelines on Classroom Assessment for the K-12 Basic Education Program*

**E. Mga Elektronikong Sanggunian**

Ceballos, Myra. (2025). Epekto ng Kolaboratibong Pag-aaral at Kasanayan sa Wika sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Medyor sa Filipino. International Journal For Multidisciplinary Research. 7. 10.36948/ijfmr.2025.v07i04.48048.

Duldulao P, Mark Louie & Lopez S, Maria Eliza(2022). Antas ng kaalaman at pakikisangkot ng mga magulang sa pagbabasa ng mga anak: batayan sa pagbuo ng gabay sa pantahang pagbasa. Asia pacific journal of management and suistainable development, 10(3), 41-54. Pebrero 23,2025. https://research.lpubatangas.edu.ph/wp-content/uploads/2022/09/6-APJMSD-9-Lopez_Duldulao-Antas-ng-Kaalaman-at-Pakikisangkot.pdf

Kalasa, Stainley., Phiri, Anna., Chitondo, Lufeyo (2023). Effects of Grade four learners' low reading levels on their academic performance in five selected primary schools of Chibombo district of Central Province. International Journal of Novel Research in Education and Learning ,10(5), 61-75. Pebrero 23,2025. https://doi.org/10.5281/zenodo.8410306

Liu, Hao., Chen, Xi., Liu, Xiaoxiao (2022). Factors influencing secondary school students' reading literacy: An analysis based on XGBoost and SHAP methods. Frontiers in Psychology. Pebrero 23,2025. https//doi.org/10.3389/fpsyg.2022.948612

Marticio B, Rayna Rose (2022). Kalagayang Pangkasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagbabasa: Batayan sa Pagbuo ng Planong Pagpapaunlad sa Pagbasa. International Journal of Open-access, Interdisciplinary & New Educational of New Educational Discoveries of Educational Research Center, 1(3), 45-61. Pebrero 23, 2025. https://etcor.org/storage/iJOINED/Vol.%20I(3),%2045-61.pdf

Maria, Enni & Susilowati, Endang. (2026). Exploration of the Application of the Peer Tutoring Method to Improve Reading Skills of Fourth Grade Students: A Case Study at SDN Tanjung Waras: Implementation of Peer Tutoring Method to Improve Reading Skills. Primary Education Insight. 1. 92-103. 10.65779/pedi.v1i2.49.

Osico, Ronnie P., et al. "Epekto ng Pagbibigay at Pagtanggap ng Peer Feedback sa Pagkatuto at Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Medyor sa Filipino." IJMERI, vol. 3, no. 3, Aug. 2025, doi:10.64637/631323.

READING ASSEMENT RESULT First Quarter Filipino & English TUY SENIOR HIGH SCHOOL https://docs.google.com/spreadsheets/d/1UIw_VKfKy_flPK2ia9_8bbHJ8_6QDRmc2SPhi0ZWMb0/edit?gid=0#gid=0

Rockson, Akoto., UMU,Adam., GOKU, Princess., NEEQUAYE, Priscilla( 2023). Investigating Reading Difficulties among Senior High Schools in Cape Coast: A Case of Three Schools. Research Gate. Pebrero 23, 2025. https://www.researchgate.net/publication/378402216

Satriani., Rahman, Wiwiek., Hikmah, Nur ., Fahira, Ainun(2022) Students Reading Comprehension Strategy: Directed Reading Thinking Activity (DRTA). Indonesian Journal of Research and Educational Review, 1(03), 423-432. Pebrero 23, 2025. https://doi.org/10.51574/ijrer.v1i3.396

Wahyurianto, Ibnu & Sylvia, Sylvia. (2024). Collaborative Learning Strategy for Better Reading Comprehension in EFL University Courses. Journal of English for Academic and Specific Purposes (JEASP). 7. 10.18860/jeasp.v7i2.29674.